


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 4:

**Paggamit nang Wastong Pang-
angkop at Pangatnig**

**Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling
Karanasan**



**Filipino – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 4:**

- **Paggamit nang wasto ng Pang-angkop at Pangatnig**
- **Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karanasan**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtulis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rotchelle S. Vargas, Rosemarie G. Basiosa
Editor:	Juliet P. Quezon
Tagasuri:	Juliet P. Quezon, Edwin Pameroyan, Carmel Joy P. Aujero, Roselyn C. Roldan, Celestino S. Dalumpines IV, Antonette Espora
Tagaguhit:	Ednan Jamandre, Ana Mae P. Aujero
Tagalapat:	Jerry R. Baguios, Joy P. Nakamura, Jerome B. Reynes
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Cynthia G. Demavivas Elena P. Gonzaga Federico P. Pillon, Jr. Juliet P. Quezon Carmel Joy P. Aujero

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

FILIPINO

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Paggamit nang Wasto ng Pang-
angkop at Pangatnig**

**Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling
Karanasan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isang pagbati sa iyo mag-aaral!

Mas nagiging makabuluhan ang iyong binasa kung maiuugnay mo ito sa iyong sariling karanasan. Nakatutulong din ang paggamit ng mga pang-ugnay na pang-angkop at pangatnig upang magiging madulas, tuloy-tuloy at malinaw ang diwa ng mga pahayag.

Ang araling ito ay makatutulong sa iyo na maiuugnay ang iyong binasa sa iyong sariling karanasan at kung paano ang wastong paggamit ng mga pang-ugnay na pang-angkop at pangatnig.

Pagkatapos mo ng modyul na ito, inaasahang:

- Nakagagamit nang wasto ang pang-angkop at pangatnig (**F6WG-IIIj-12**) at
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan (**F6PB-IVa-1**)



Subukin

Panuto: Ang sumusunod na mga pangungusap ay batay sa sariling karanasan. Sipiin ang mga ginamit na pang-angkop at pangatnig sa bawat pangungusap. Isulat ang mga ito sa sagutang papel. Sulatan ng **PA** sa dulo kung ito ay **pang-angkop** at **PT** kung **pangatnig**.

- _____ 1. Si Khit ay nagmemeryenda habang nag-aaral.
- _____ 2. Mabait na bata si Karen.
- _____ 3. Si Aling Bebang ay masaya dahil dumating ang kanyang mga anak.
- _____ 4. Maagang umalis si Teolo, ayaw niyang mahuli sa klase.
- _____ 5. Ako ay nag-aaral habang ang nanay ko naman ay nagluluto ng hapunan.
- _____ 6. Si Ate Nadia ay masayang umaawit.
- _____ 7. Ang kapatid niya ay masaya sapagkat dinalhan siya nito ng mga pasalubong.
- _____ 8. Kami ay mahirap ngunit puno naman ng pagmamahal.
- _____ 9. Si Bea ay mapagmahal na anak.
- _____ 10. Kayo ba ay sasama sa amin o maiiwan na lang dito?

Aralin

1

Paggamit ng Wastong Pang-angkop at Pangatnig Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karanasan

Kailan ginagamit ang pang-angkop at kailan naman ginagamit ang pangatnig? Kilalanin muna natin ang mga ito.



Balikan

Panuto: Kilalanin kung ang sumusunod na salita o kataga na nakahilig ay **pang-angkop** o **pangatnig**. Isulat ang sagot sa sagutang.

1. Mainit *na* hangin ang ihip kung kalbo na ang ating kagubatan.
2. Malawak ang aming hardin *ngunit* makitid naman ang aming gulayan.
3. Maraming mga bulaklak ang makikita sa bakuran niya.
4. Maglalaro ako sa labas *kung* titila ang ulan.
5. May mga dahong nakakalat sa bakuran.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang kuwento at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Paano ang Kaarawan ni Hannah?

ni: Rotchelle S. Vargas

Bakas ang lungkot sa mukha ni Hannah habang tinitingnan ang mga larawan ng masayang alaala sa ikasampung kaarawan niya noong nakaraang taon. Kasama ang mga magulang pati mga kaibigan sa mga larawang sinisilayan sa *gallery* ng kaniyang *cellphone*.

“Magiging masaya pa kaya ang kaarawan ko kung ganito ang sitwasyon ngayon? Makararating pa kaya si Mama upang sorpresahin ako dahil kasalukuyang

naglilingkod sa ospital at nag-aalaga sa mga naapektuhan ng pandemya.” Ang sabi ni Hannah sa sarili.

Sa linggong paparating ay kaarawan na ni Hannah at lingid sa kaniyang kaalaman may salo-salong inihahanda para sa kanya. Hindi hadlang ang Covid-19 na pandemya para kay Aling Rowena na isang nars na makapiling saglit ang kaniyang pamilya. Pinayagan siya ng kaniyang *head nurse* na makauwi kahit na may kakulangan ng nars sa ospital.

Isang kapana-panabik na pagtatagpo ang naganap sa pagkikita ng mag-iina sa kaarawan ni Hannah. Na sorpresa pati ang kaniyang dalawang anak at asawa. Sa gitna ng munting salo-salo, napaluha ang mga bata sapagkat nais nilang mayakap ang inang mahal na ilang buwan na ring hindi nakauwi simula nang ipatupad ang *enhanced community quarantine* sa probinsya. Tuloy ang yakapan dahil nag-*disinfect* muna si Aling Rowena bago umuwi.

Masayang nakatulog ang mga bata. Kinaumagahan, tulog pa ang mga ito nang bumalik na sa hospital si Aling Rowena. Maikli man ang mga sandaling nakapiling ang kaniyang mga anak, napawi rin ang kaniyang pananabik sa mga ito na madalas na nakakausap lamang *online*.

Mga Tanong:

1. Sino ang may kaarawan at ano ang tanging hangad niya sa kanyang kaarawan?
2. Ano ang trabaho ng kanyang ina?
3. Natupad ba ang pangarap niya na makapiling ang ina?
4. Kung ikaw si Hannah, ipagmamalaki mo ba ang iyong ina na isang *front liner*? Bakit?
5. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng anak, ano kaya ang iyong madarama nang dumating ang iyong ina kahit na mahirap ang kalagayan sa trabaho?
6. Ibahagi ang iyong naging karanasan na kahawig sa kuwento.
7. Sa pariralang, lingid sa *kanyang kaalaman*, ano ang tawag natin sa pang-ugnay na **-ng**?
8. Sa pariralang, *Isang kapana-panabik na pagtatagpo*, ano ang tawag natin sa pang-ugnay na **na** na idinugtong sa salitang kapana-panabik?
9. Sa pangungusap na, *Habang kumakain minabuti ni Rowena na hindi pumasok sa loob ng bahay*. Anong pang-ugnay ang ginamit dito? Ano ang tawag natin sa pang-ugnay na ito?
10. *Makakarating pa kaya si Mama upang sorpresahin ako?* Sa pangungusap na ito, ano ang tawag natin sa pang-ugnay na **kaya**?



Suriin

Ano-ano ang pang-angkop at pangatnig?

Pang-angkop. Ito ay mga salita o katagang ginagamit sa pag-ugnay ng mga salitang naglalarawan at inilarawan. Ginagamit ang pang-angkop upang maging madulas at tuloy-tuloy ang pagbigkas ng salita.

Halimbawa:

1. **na** - ginagamit kung ang nauunang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa n.
2. **ng** - ginagamit kung ang naunang salita ay nagtatapos sa patinig (a,e,i,o,u)

Pangatnig. Ito ay mga salita o kataga na nag-uugnay ng mga salita, sugnay, parirala o pangungusap. Ginagamit ang pangatnig sa pag-ugnay ng dalawa o higit pang diwa o ideyang ipinapahayag.

Halimbawa:

1. **at** - ginagamit sa pagdugtong ng dalawang salita o kaisipang magkaugnay
2. **o** - ginagamit sa pag-uugnay sa dalawang salita o kaisipang pinagpipilian.
3. **ni** - ginagamit sa pag-ugnay ng dalawang salita o kaisipang kapwa hindi gumanap o ginagampanan.
4. **kapag, pag, kung** - ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang kaisipang may hinihinging kondisyon
5. **habang, samantala**- ginagamit sa pag-ugnay ng dalawang kilos o pangyayaring naganap sa magkasabay na panahon
6. **dahil, sapagkat, kasi** - ginagamit sa pag-ugnay ng sanhi o dahilan ng pangyayari o ikinikilos
7. **ngunit, subalit, pero** – ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang kaisipang magkakaontra o magkasalungat
8. **upang, para, kaya, nang** - ginagamit sa pag-ugnay ng bunga o kalalabasan at ng isang kilos o gawain

Paano nagiging mas may kabuluhan ang isang tekstong binasa?

Mas may kabuluhan ang isang tekstong binasa kung naiuugnay natin ito sa iba't ibang pangyayari, sitwasyon o karanasan natin sa buhay. Nakatutulong din ito para makapaghandang matutong harapin ang anumang pagsubok na darating sa buhay natin.

Sa araling, ito nahasa ang ating kagalingan sa pagbigay ng agarang solusyon sa mga kumplikadong sitwasyon dahil inilagay natin ang ating sarili sa sitwasyon



Pagyamanin

Gawain 1

A. Panuto: Basahin ang talata at punan ng pang-angkop na **na** o **ng** ang patlang sa pagitan ng dalawang salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Libo-libo 1. ___ tao ang kumpirmadong nasawi. Daan-daan ang nawalan ng kabahayan at ari-arian. Milyon-milyon ang napinsala 2. ___ kabuhayan. Bilyon-bilyon ang halaga ng mga nasira at winasak 3. ___ imprastruktura. Ito ang nakapanlulumo 4. ___ bakas 5. ___ iniwan ng Bagyong Ulysses. Napakahalaga 6. ___ imulat ang ating kabataan sa delubyo 7. ___ hatid ng kalamidad upang magkaroon sila ng pagpapahalaga at kamalayang ganap sa lahat ng bagay sa paligid. Malawak 8. ___ pag-iisip at maging alerto ang dapat taglayin ng bawat isa sa panahong masalimuot.

B. Panuto: Basahin ang talata at kopyahin ang mga pangatnig na ginamit. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Madalas na namumutla at hinang-hina si Arlene. Paano kasi pumapasok sa paaralan na walang laman ang sikmura. Pilit na tinataguyod ang sarili dahil sa kahirapan. Sapagkat may pandemya, nagsara ang konstruksyon na pinagtatrabahuan ng ama. Ngunit sa kabila ng lahat, patuloy pa rin siya sa kanyang hangaring makapagtapos kahit sa elementarya lang muna. Marunong sa klase si Arlene kung kaya marami ang nagpapaturo na mga kaklase sa kanya. Bilang ganti binibigyan siya ng pagkain at ilang gamit sa eskwela. Kahanga-hanga ang ipinamalas na katangian ni Arlene. Hindi malayo na maabot niya ang kanyang hangad sa buhay.

Gawain 2

Panuto: Punan ng pang-ugnay na dapat gamitin upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. May mga taong kapos sa karunungan _____ (sapagkat, subalit, dahil) nagpapakita ng mabuting-asal.

2. Siya ay masigasig sa kaniyang pag-aaral _____ (para, kung, kaya) sa kaniyang kinabukasan.
3. Si Ana ay mabait _____ (-ng, na,) bata.
4. Ang pantay o patas _____ (na, ng, kay) pagtingin sa kapwa ay may mabuting maidudulot.
5. Iwasang pumili _____ (na, at, o) umiwas sa mga taong nararapat namang maging kaibigan.

Gawain 3

Panuto: Isulat kung ang gamit na pang-ugnay na nakahilig ay **pang-angkop** o **pangatnig**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Inilaan ni Roy ang buong araw sa paglalaro ng gadget **samantalang** ang kapatid ay abala sa pagsasagot ng modyul.
2. Ang batang **ng** gusgusin ay may mabuting kalooban.
3. Mahusay ang programang inilunsad ng pamunuan **ngunit** hindi lahat ay nakabenepisyo.
4. Ang malawak **na** lupaing ibinigay ng gobyerno ay nakatutulong sa mga tao.
5. Magiging madali ang mga gawain **kung** ang lahat ay nagkakaisa.



Isaisip

Tingnan nga natin kung alam nyo na ang kahalagahan ng pang-angkop at pangatnig para sa isang malinaw na pag-unawa sa tekstong binabasa!

Panuto: Punan ang mga patlang sa sumusunod na mga talata upang mabuo ang diwa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang mga katagang 1. _____ at 2. _____ ay tinatawag na **pang-angkop**. Ginagamit ang mga ito sa pag-uugnay ng mga salitang naglalarawan at inilalarawan. Ginagamit ang mga ito upang maging madulas at tuloy-tuloy ang pagbigkas ng salita.

3. _____ naman ang tawag sa mga salita o kataga na nag-uugnay ng dalawang salita, sugnay, parirala o higit pang diwa o ideyang ipinapahayag.

Magkakaroon din ng kabuluhan o mabibigyan linaw ang isang seleksyon kung ito ay nauugnay sa sariling 4. _____.



Isagawa

Isalaysay ang sariling karanasan ngayong panahon ng pandemya sa lima o higit pang mga pangungusap gamit ang mga pang-angkop at mga pangatnig, Bilugan ang tig-lilima sa mga ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Sa kasalukuyang COVID-19 na pandemya, ano ang naging karanasan mo? Naging karanasan din kaya ito ng iba?



Tayahin

Panuto: Piliin ang wastong pang-angkop o pangatnig sa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng kuwento. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang tanging hangad ni Aling Veronica ay ang makapagtapos ng pag-aaral ang kaisa-isa 1. (**ng, na**) anak na si Bea. Bakas sa kanyang mukha ang pagod 2. (**habang, kung**) binabagtas ang daan patungo sa paaralan. Hindi niya alintana ang layo ng bahay 3. (**na, at**) init ng panahon 4. (**sapagkat, para**) lamang makuha ang mga modyul sa takdang oras. Mag-isang itinataguyod ang edukasyon ng kanyang anak 5. (**samantala, dahil**) para sa kanya ay napakahalaga 6. (**ng, na**) kayamanang ito. Likas 7. (**na, ng**) palaaral si Bea 8. (**pati, kaya**) palaging mataas ang iskor sa lahat ng mga pagsasanay sa mga modyul. Hirap sa buhay 9. (**subalit, habang**) nakatuon ang atensyon sa pag-aaral. 10. (**Kung, Maging**) talagang kailangan ganoon na lamang ang paggamit niya ng hiram na *cellphone*. Labis na tuwa ang hatid niya sa kanyang ina. Hindi malayo na maaabot niya ang kanyang hangarin.



Karagdagang Gawain

A. Panuto: Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na mga pariralang may pang-angkop. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. mabait na anak
2. matipunong binata
3. amang masipag
4. malambot na kamay
5. lalaking matangkad

B. Panuto: Basahin ang bawat kalagayan. Ibahagi ang sariling karanasan sa mga sitwasyong nabanggit gamit ang iba't ibang pangatnig. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nasa sasakyan ka at mayroong kasama. Dahil sa pakikipagkuwentuhan ay malapit na palang lumagpas sa babaan nito. Ano ang karanasan mong kahawig nito?

2. Para hindi mag-alala ang kaniyang mga magulang sa baon niya araw-araw, nagtitinda si Ramil ng pahayagan sa umaga at nag-iigib ng tubig sa kapitbahay sa hapon pagkatapos ng klase.

3. Pumunta si Ben sa bahay ng kaniyang kaklase. Bago siya tumawid sa daan hinintay muna niyang makalampas ang mga sasakyan bago tumawid.

4. Maraming takdang-aralin si Rica. Pagdating sa bahay ginawa niya muna ang mga ito bago matulog.

5. Tumutulong si Rea sa mga gawain kapag walang pasok. Pagkatapos ng kaniyang ginagawa, nagbabasa siya ng kaniyang mga aralin.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. habang - PT
2. na - PA
3. dahil - PT
4. ng - PA
5. habang - PT
6. ng - PA
7. sapagkat - PT
8. ngunit - PT
9. na - PA
10. o - PT

Balikan

1. pang-angkop
2. pangatnig
3. pang-angkop
4. pangatnig
5. pang-angkop

Tuklasin

1. Si Hannah ang may kaarawan na ang ina
2. Ang kanyang ina ay isang nars.
3. Oo
- 4-5-6. Ang guro ang magwawasto
7. Pang angkop
8. pang angkop
9. habang-pangatnig
10. pangatnig

Pagymamanin

Gawain 1 A.

1. ng 2. ng 3. na 4. ng 5. na 6. ng 7. ng 8. na

Gawain B

1. Paano
2. Kasi
3. Dahil
4. Sapagkat
5. Ngunit
6. Kahit
7. Kung
8. Kaya

Gawain 2

1. Subalit
2. Para
3. Na
4. Na
5. O

Karagdagang gawain

A at B ang guro ang magwawasto.

1. Pangatnig
2. Pangatnig
3. Pang angkop
4. pang angkop
5. Pangatnig

Isaisip

1. Na
2. Ng
3. Pangatnig
4. karamasan

Isagawa

Ang guro ang mag wawasto.

Tayahin

1. ng
2. habang
3. at
4. para
5. dahil
6. ng
7. na
8. kaya
9. habang
10. Kung

Gawain 3

A at B ang guro ang magwawasto.

1. Pangatnig
2. Pangatnig
3. Pang angkop
4. pang angkop
5. Pangatnig

Sanggunian

- Marasigan, E. V., at Tesalona, L. C. (2017). **Pinagyamang Pluma 6 (K to 12)**, Wika at Pagbasa para sa Elementarya, Phoenix Publishing House, Inc., pahina 325-326
- Lydia B. Liwanag, L. B. PhD. (2011). **Landas sa Wika 6**, EduResources Publishing, Inc., pahina 188
- Raflores, E. V. (2016). **Binhi Wika at Pagbasa 6**, JO-ES Publishing House Inc., pahina 455

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph